# NANG SUMAPIT SA TARANGKAHAN ANG SINAG NG KAUNLARAN

*by:*
**Christian E. Canta**
*Teacher II, B. Camacho NHS*

Nakasisilaw, tunay na maningning— ganoon mailalarawan ang tarangkahang tanaw niya. Naisin mang tumawid, marahil mauna pang makarating ang kaniyang mga pangamba. Gustuhin mang manatili, pilit namang naglilikot ang mga paa.

Naroon siya sa gitna.

Hindi magawang talikuran ang wikang kinagisnan. Ang matuto ng malalalim na salita mula sa kuwento ng mga lolo o lola'y walang katulad. Iba pa rin ang buong pusong pag-awit sa mga karaoke na Filipino ang liriko. Sa kabilang banda, ang ma-enganyo sa mga makabagong salita ay mahirap ding labanan. Tila napupuno rin ito ng mga oportunidad. Tunog makabago, tunog global.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Hindi na bago ang ganitong pag-aalinlangan. Lalo na sa katulad niyang kabataang Pilipino. Nasa gulang siya na kailangan ay mayabong ang kaalaman sa sarili niyang wika. Kasabay nito— kailangan ay maalam din siyang makipagsabayan sa nagbabagong mundo. Sa pananaw ng iba, ang tanging susi rito ay kalimutan ang wikang kinagisnan. Balewalain na lamang ang nga salitang kay lalim, doon na lamang sa mababaw at tanyag pakinggan.

Sa totoo lamang, wala sa pagpipilian ang mamili.

Sa mga silid-aralan, mayroong mga guro na gamay ang Agham gamit ang midyum ng Filipino. Hindi dahil napuputol na roon ang kakayahan nila, sadyang mayroong mga estudyante ang napapadali ang pag-unawa kapag ganoon ang ginagamit nila. Laganap

na rin ang mga tyutor online para maging dalubhasa sa Filipino. Iba rin ang rikit ng mga tula na simula hanggang wakas, sariling wika ang ipinalumpon upang mabuo.

Ang tarangkahan ay hindi balakid. Bagkus, isa itong paanyaya.

Lahat ng pangamba niya ay naglaho. Hindi na siya silaw. Tatawid siya. Hindi bilang kabataan na inibig kalimutan ang wikang Filipino, kundi bilang kabataang taas noong bitbit ito. Sa bawat hakbang, salita, at pangarap, naroon ang wikang Filipino— kaniya itong kabigkis.

Dahil kailanman, hindi ito naging pabigat. Ang wikang Filipino ay siyang kaniyang ilaw. Saan man ang ibig niyang tunguhin, higit na maliwanag ang daan kung tangan niya ang sariling wika bilang sinag.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

*References:*

https://varsitarian.net/filipino/20080203/pandaigdigan_na_ba_ang_wikang_filipino